# O Allah,Patawari mo ako sa lahat ng kasalanan ko,sa kaliit-liitan nito at sa napakalaki nito,at sa una nito at sa huli nito

Ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya -Na ang Sugo ni Allah-Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,Siya ay nagsasabi sa pagpatirapa niya;(( O Allah,Patawarin mo ako sa lahat ng kasalanan ko, Sa liit nito at sa laki nito,sa Una nito at sa Huli nito,Sa Hayag nito at sa Lingid nito))
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ayon kay Abe Hurayrah,Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagsasabi sa pagtitirapa niya;" O Allah Patawarin mo ako sa ng lahat ng kasalanan ko,Sa liit nito at sa laki nito,sa Una nito at sa Huli nito,Sa Hayag nito at sa Lingid nito," At ito ay bilang pagpapa-iksi sa mga panalangin at pagpapalawak ng kahulugan nito,Sapagkat ang Pananalangin ay pagsamba,at sa bawat pag-uulit nito ng tao,ay nadadagdagan ang pagsamba niya kay Allah-kamahal-mahalan siya at kapita-pitagan,pagkatapos ay sa bawat pag-ulit niya dito,ay nararamdaman niya ang lahat ng mga kasalanan niya,ang lingid at ang hayag,at gayundin ang tinatago niya,at gayundin ang mga maliliit rito at ang mga malalaki rito,At ito ang naging layunin na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na magdetalye o magbigay ng kahulugan nito pagkatapos ng Kabuuan nito,Kayat nararapat sa mga Tao na magsikap sa (pagsagawa) ng mga panalangin na naisaad buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-;Sapagkat ito ay may mas pinaka- buo na panalangin at mas pinaka-kapaki-pakinabang na panalangin.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee